CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Pebrero 23, 2021

Kontak: Jane Grobaty, Opisyal ng Impormasyong Pangkomunidad, Long Beach Parks, Recreation and Marine, 562.570.3233, Jane.Grobaty@longbeach.gov

Ang Southland Credit Union Nagdonate ng mga Computer Workstations sa Departamento ng Parke, Libangan at Kagawaran ng Dagat sa Lungsod ng Long Beach

Donasyon Upang Makinabang ang mga Kabataan at Nakatatanda sa mga Programang Likas na Libangan

Long Beach, CA – Ang Southland Credit Union ay nag abuloy ng higit sa $100,000 sa mga computer workstation, kabilang ang mga kagamitan at software, sa lungsod ng Long Beach sa Departamento ng Parke, Libangan at Kagawaran ng Dagat (Department of Parks, Recreation and Marine Department –PRM), para sa mga hub na programang pag-aaral ng pamayaan na susuporta sa mga programa pagkatapos ng eskwela para sa mga kabataan, at nakatatanda.

“Ang mga kasosyo ng Southland Credit Union ay nagbibigay ng mahalagang suporta para sa mga programa ng PRM at kakayahan ng Kagawaran na maging mahusay na mapaglingkuran ang pamayanan,’ sabi ni Brent Dennis, direktor ng Parke, Rekreasyon at Pandagat. “ Ang kanilang donasyon ay magkakaroon ng positibong epekto sa mga lokal na kabataan.”

Ang mga donasyon na computer workstation ay may kasamang mahigit sa 200 mga monitor, keyboard, hard drive at mga lisensya ng software ng Windows 10, na nasa proseso ng pamamahagi sa mga sentro ng pamayanan ng Lungsod na nag-aalok ng mga programa sa libangan.

Ang donasyon ng workstation ay bahagi ng patuloy na pagsisikap ng credit union na suportahan ang pamayanan ng Long Beach. “Sa Southland Credit Union, nakatuon kami sa pilosopiya ng mga taong tumutulong sa mga tao at pinarangalan kaming magkaroon ng pagkakataong makipagsosyo sa Lungsod ng Long Beach sa paraang positibong makakaapekto sa pamayanan ng bayan,” sabi ng ‘Southland Credit Union President at CEO na si Tom Lent. “Bilang isang katutubo ng Long Beach, inaasahan ko ang Southland na nakikipagtulungan ng isang pangmatagalang pakikipagsosyo sa Lungsod ng Long Beach.”

Magagamit ang mga workstations sa susunod na mga petsa sa sa mga nakarehistrong kabataan at nakatatanda sa lungsod para mga programang pagkatapos ng eskwela pati na din ang para sa bertwal na pag-aaral at mga aktibidad sa pamamagitan ng distrito ng eskwela sa lungsod ng Long Beach.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 480,000 katao, nagwagi ng maraming parangal ng makabagong lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng pang world class na mga amenidad na isang malaking punong lungsod habang pinapanatili ang isang malakas na pang- indibidwal o magkakaibang mga kapitbahayan na nagtatampok ng pagkakaisa sa baybayin ng California. Bilang isang buong serbisyong lungsod, tahanan ng Queen Mary, Aquarium ng Pasipiko, maraming mga museo at sinehan, may mataas na karangalan sa mga distrito ng eskwelahan, Paliparan ng Long Beach, at ang Daungan ng Long Beach. Ang lungsod ay mayroon ding respetadong Unibersidad, kolehiyong panglungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang hospital, limang golf courses, 171 mga parke, milya-milyang mga marina at dalampasigan at mga landas para sa mga bisikleta.

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bisitahin, http://longbeach.gov/. Sundan kami sa sosyal media para sa mga bagong balita: Facebook, Twitter, Instagram and YouTube.

Tungkol sa mga Parke, Libangan at Dalampasigan ng Long Beach

Ang Departamento ng Parke, Libangan at Dalampasigan sa Lungsod ng Long Beach (Long Beach Parks, Recreation and Marine Department-PRM) ay kinikilala para sa kahusayan sa mga kasanayan sa pamamahala at programa, at nakatanggap na din ng apat na beses na gintong medalya para sa mga Asosasyong Pambansa ng mga Parke at Libangan. Ang PRM ay nagbibigay ng mga programa at serbisyo sa paglilibang sa mga residente at mga bisita na nagpapabuti sa kalidad ng buhay sa Lungsod ng Long Beach. Pinapanatili ng PRM ang 171 na mga parke na may 26 na mga sentro ng

pamayanan, 320 ektarya ng kaluwagang espasyo at 6.1 na milyang dalampasigan; nagpapatupad ng plano para sa mga Open Spaces ng Lungsod; nagbibigay ng mga oportunidad sa libangan upang matugunan ang mga pangangailan sa pamayanan; nagpapanatili ng mga pampublikong marinas; at nagbibigay para sa kaligtasan ng publiko at makataong paggamot ng mga hayop.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga Parke, Libangan, at Dalampasigan ng Lungsod bumisita sa, longbeach.gov/park. Sundan kami sa sosyal media para makasabay sa pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram and YouTube.

Tungkol sa Southland Credit Union

Ang Southland Credit Union ay isang $981 milyong credit union na nagsisilbi sa 60,000 libong mga miyembro sa mga lalawigan ng Orange at Los Angeles. Ang mga lokasyon ng sangay ay nasa Long Beach sa 2250 N. Bellflower Blvd., Los Alamitos, Downey, Carson, Santa Monica, St. John's Health Center at sa Los Angeles Federal Building sa lungsod ng Los Angeles. Nagapapatakbo bilang isang organisasyong kooperatiba na hindi nakatuon sa kita o tubong pinansyal, ang Southland ay nakatuon sa pagbibigay sa aming mga miyembro ng natatanging komprehensibo at makabagong mga solusyon sa pananalapi, na naihahatid sa natatanging personal na serbisyo sa Southland.

Para sa karagdagang Impormasyon, bumisita, www.southlandcu.org.

###